# Disaster Recovery Center in Manatee County Closing

**Release Date: Oktubre 18, 2023**

**LAKE MARY, Fla.** – Ang disaster recovery center (DRC o sentro ng pagbawi sa sakuna) sa Manatee County sa Sentro ng Komunidad ng Rubonia, 1309 Kalye ng ika-72 sa Silangan sa Palmetto ay permanenteng magsasara ng 6 n.g. sa Biyernes, Oktubre 20.

Ang mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ay nagbibigay sa mga nakaligtas sa sakuna ng impormasyon mula sa mga pang-estadong ahensya ng Florida, sa FEMA at sa U.S. Small Business Administration (SBA o administrasyon ng maliliit na negosyo). Ang mga nakaligtas ay maaaring makakuha ng tulong sa pag-aaply para sa pederal na tulong at pautang sa sakuna, mag-update ng aplikasyon, at matutunan ang tungkol sa iba pang makukuhang paraan. Ang huling araw para mag-apply para sa tulong ay Nobyembre 29.

Marami pa ring mga bukas na sentro sa lugar na naapektuhan ng Bagyong Idalia. Ang mga residente ay inaanyayahang bumisita ng kahit anong bukas na sentro, hindi mo kailangang manirahan sa county nito. Upang mahanap ang pinakamalapit na sentro, pumunta sa online sa: Tagahanap ng DRC o floridadisaster.org, o pwede mong i-text ang DRC kasama ang iyong Zip Code sa 43362.

Hindi kinakailangang bisitahin ang isang sentro. Ang mga nakaligtas ay maaaring mag-apply o kumuha ng iba pang tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-621-3362, pagpunta sa online sa disasterassistance.gov, o sa paggamit ng mobile app ng FEMA. Ang linya ay bukas araw-araw mula 7 n.u. hanggang 10 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras. Ang tulong ay maaaring makuha sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng video relay (VRS o serbisyo ng relay sa bidyo), naka-caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay mo sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para makita ang isang naa-access na bidyo tungkol sa kung paano mag-apply, bisitahin ang: Tatlong Paraan para Magrehistro para sa Tulong sa Sakuna ng FEMA - YouTube.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Idalia, bisitahin ang floridadisaster.org/updates/ at fema.gov/disaster/4734. Sundan ang FEMA sa X na dating kilala bilang Twitter, sa twitter.com/femaregion4 at sa facebook.com/fema.